
2

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# MTB - MLE

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1

## Pagsulat ng Liham at Dyornal




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB- MLE – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 1:Pagsulat ng Liham at Dyornal**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Mina E. Juliano / Ruby P. Arangorin |
| **Editor:** | Marie Ann C. Ligsay, Phd |
| | Lolita S. Marcellana |
| | Benros A. Sampilo |
| **Tagasuri:** | Ma. Lilibeth Bacolor EdD |
| | Blesilda D. Fontanilla EdD |
| | Rhona Liza C. Echaluse |
| **Tagaguhit / Tagalapat:** | Benjar A. Sampilo |
| **Tagapamahala:** | Nicholas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Manolito B. Basilio EdD |
| | Garry M. Achacoso |
| | Rachelle C. Diviva |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St. D.M. Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB - MLE

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1

Pagsulat ng Liham at Dyornal

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang MTB – MLE 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsulat ng Liham at Dyornal.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **MTB-MLE 2** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa araling paraan ng pagsulat sa pagbuo ng liham at dyornal.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang |

| | |
|---|---|
| | bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay magbibigay sa iyo ng mga gawain upang maunawaan mo ang tamang pamantayan sa pagsulat ng liham at dyornal.

Ang mga gawaing ito ang gagabay sa iyong pagkatuto upang makasunod sa mga paraan ng pagsulat ng liham at dyornal.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakatutukoy ng pagkakatulad at pagkakaiba ng liham at dyornal;
2. nakasusunod sa mga pamantayan at paraan ng pagsulat ng liham at dyornal; at
3. nakasusulat ng liham at dyornal hinggil sa pansariling karanasan



## *Subukin*

A. Panuto: Punan ng bilang 1-5 ang patlang ayon sa pagkakaayos ng liham. Isulat sa iyong sagutang papel.

___ Mahal kong Lola
___ 72 Rosario St.
North Poblacion
Masinloc, Zambales
Marso 15, 2019
___ Ang iyong apo
___ Ashley

___ Maraming salamat po sa ibinigay mong regalo na pulang laso. Sana ay lagi po kayong nasa maaayos na kalagayan.


Mag-iingat po kayo palagi.

B.Panuto: Isulat sa iyong sagutang papel ang isang araw na karanasan mo sa pamamasyal sa parke, tabing dagat, palaruan at *mall* tungkol sa pagpapahalaga sa ating mga kalikasan. Ang mga sumusunod ang magsisilbing gabay sa pagsulat.

1. Ilarawan kung saan at kailan ito nangyari.
2. Ilarawan ang iyong napuntahang lugar.
3. Maglahad ng iyong karanasan sa iyong pamamasyal.

| Para sa Tagapagdaloy: Ipasagot sa mag-aaral ang paunang pagsusulit. Ipagpatuloy lamang ang mga gawain kung hindi nasagot nang tama ang lahat. |
|---|

# Aralin 1 Pagsulat ng Liham at Dyornal



## *Balikan*

Panuto: Sagutin ang mga tanong pagkatapos basahin at unawaing mabuti ang talata. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



Munting Salo-salo
ni Mina E. Juliano

Nagkaroon ng munting salo-salo sa bahay nila Ashley sapagkat isa siya sa mga nakatanggap ng may natatanging karangalan sa kanilang klase.

Nakatanggap siya ng regalo sa kanyang lola. Dumalo ang kanyang malalapit na kamag-anak. Iba't ibang klase ng pagkain ang pinagsaluhan nila.

Nagpasalamat si Ashley sa kaniyang mga magulang at lola sa okasyong iyon.

Pag-unawa sa binasa.

1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Saan naganap ang munting salo-salo?
3. Ano-ano ang mga pangyayari sa kuwento? Paano mo ito maibabahagi sa iyong kaibigang nasa malayo?

***Mga Tala para sa Guro***

Ang mga liham at dyornal na ginawa at sinulat, mga halimbawa, mga gawain at ang ilustrasyon sa modyul na ito ay mga orihinal at binuo para sa mga bata na nasa Ikalawang Baitang. Mangyari lamang na bigyan natin ng sapat na panahon at oras ang mga mag-aaral upang maipahayag ang kanilang saloobin at karanasan sa pamamagitan ng pagsulat ng liham at dyornal.

## *Tuklasin*

Panuto: Pag-aralan ang sumusunod na mga bahagi ng liham.

Barangay Bagong Silang
Imus, Cavite
Abril 3, 2020

Mahal kong Ana,

Nalalapit na ang aming pagtatapos. Ang selebrasyon ay gaganapin sa Biyernes, Abril 16, sa ganap na ika-4 ng hapon sa aming paaralan. Hihintayin kita.

Ang iyong kaibigan,
Mara

Pag-unawa sa binasa.

1. Sino ang sumulat ng liham?
2. Sino ang sinulatan?
3. Saan nanggaling ang liham?
4. Kailan isinulat ang liham?
5. Ano ang nilalaman ng liham?

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na talata.



Dyornal ni Ana

Abril 8, 2020

Ako ay nakatanggap ng paanyaya mula kay Mara na dumalo sa kanyang nalalapit na pagtatapos. Sabik akong makitang muli ang aking kaibigan. Alam kong matutuwa rin siya sa aming pagkikita.

Mga tanong:

1. Ano ang talatang iyong binasa?
2. Kailan ito isinulat?
3. Ano ang nilalaman ng talata?

## *Suriin*

May mga kaibigan ka bang nasa malayong lugar? Paano mo sila nakakausap?

Basahin at unawain ang nilalaman ng liham na isinulat ni Mara sa kaniyang kaibigang si Ana.

> Pamuhatan – bahagi ng liham na nagsasaad ng pinagmulan ng liham. Nakasulat dito ang bilang bahay, ngalan ng kalsada, bayan o lungsod. Makikita rin dito ang petsa kung kalian ginawa ang sulat.

Bagong Buhay na Tubig
Imus, Cavite
Abril 8, 2020

> Bating Panimula – nagsasaad ng pangalan ng sinulatan. Nagtatapos ito sa kuwit.

Mahal kong Ana,

Nalalapit na ang aming pagtatapos. Ang selebrasyon ay gaganapin sa Biyernes, Abril 16, sa ganap na ika-4 ng hapon sa aming paaralan. Hihintayin kita.

> Katawan ng Liham – dito nakasaad ang nilalaman o nais ipabatid ng sumulat. Ipinahahayag din dito ang tunay na dahilan ng pagsulat.

> Bating Pangwakas – bahagi ng liham na nagsasaad ng relasyon ng sumulat sa sinulatan.

Ang iyong kaibigan,
Mara

> Lagda - bahagi ng liham na nagsasaad kung sino ang sumulat.

Pag-unawa sa binasa:

1. Tungkol saan ang liham?

2. Anong mga bantas ang ginamit?

3. Nakasunod ba siya sa paraan ng pagsulat ng liham?

Ang mga sinuri mo ay mga bahagi ng liham. Ang liham ay isang isinulat na mensahe na naglalaman ng kaalaman, balita, o saloobin na ipinapadala ng isang tao para sa kaniyang kapwa.

Sa pagsulat ng isang liham dapat isaisip at tandaan ang mga sumusunod na pamantayan:

- Wastong baybay ng mga salita.
- Wastong gamit ng mga bantas.
- Wastong gamit ng malalaking letra.
- Wastong pagkakasunod-sunod ng mga bahagi.

Dyornal ni Ana

April 10, 2020

Ako ay nakatanggap ng liham mula sa aking kaibigan na si Mara. Nalalapit na ang kanyang pagtatapos at ako ay kaniyang inaanyayahan sa kanilang selebrasyon. Ako ay lubos na natutuwa sa aming nalalapit na pagkikita.

Pag-unawa sa binasa:

1. Tungkol saan ang talata?

2. Sino ang sumulat ng dyornal?


3. Ano-ano ang mahahalagang detalye mula sa dyornal?

Ang talatang nasa itaas ay halimbawa ng isang dyornal. Ang dyornal ay isang pang araw-araw na tala, lalo na ng mga personal na karanasan, saloobin, obserbasyon at pananaw. Ito ay isang arawang tala ng mga pansariling gawain at repleksiyon ng mga nadarama.

Sa pagsulat ng dyornal dapat tandaan ang mga sumusunod na pamantayan:

- Wastong baybay ng mga salita.
- Wastong gamit ng mga bantas.
- Wastong gamit ng malalaking letra.

Ang liham at dyornal magkaibang pamamaraan ng pagsulat ng saloobin. Ito ay may pagkakatulad at pagkakaiba tulad ng ipinapakita sa Venn Diagram.



## Pagyamanin

A. Panuto: Punan ang patlang ng mga tamang impormasyon. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| nanay at tatay Lito |
| #42 Cristina St. |
| South Poblacion, Masinloc, Zambales |
| April 25, 2020 |

________________
________________
________________

Mahal kong ________ at _______,

Maraming salamat po sa panahong ibinibigay ninyo sa aming magkakapatid. Naging masaya po kami sa aming naranasan noong araw ng ating pamamasyal. Hinding-hindi po namin iyon malilimutan.


Mahal na mahal po namin kayo.




Ang inyong anak,

__________

B. Panuto: Pinadalhan ka ng iyong pinsan ng magandang laruan. Ano ang sasabihin mo sa kanya? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



C. Panuto: Punan ng detalye ang kard upang maipabatid sa iyong kaibigan na siya ay inaanyayahan mo sa anibersaryo ng kasal ng iyong magulang.




D. Panuto:  Pumili ng isang sitwasyon sa mga sumusunod. Sumulat ng isang liham pasasalamat para sa iyong guro gamit ang mga pamantayan sa pagsulat.

1. binigyan ka ng lapis ng iyong guro
2. ipinahiram ng iyong guro ang aklat sa Matematika
3. hinatian ka ng tinapay ng iyong guro
4. tinulungan ka sa pagbabasa ng iyong guro

E. Panuto: Basahing mabuti ang dyornal at isulat itong muli sa iyong sagutang papel nang may tamang bantas at wastong gamit ng malaking letra.




Ang Dyornal ni Maria

marso 12, 2020

Noong isang linggo ay kinausap kami ng aming guro na si gng lizel tungkol sa pandemyang tinatawag na covid 19. kaniyang ipinaliwanag na mapapa aga ang aming bakasyon upang makaiwas sa nakahahawang sakit

F. Panuto: Sumulat ng isang araw na dyornal tulad ng nilalaman ng liham ni Lina kay Tinay. Sundin ang pamantayan sa pagsulat ng dyornal. Isulat ito sa iyong sagutang papel.



April 26, 2020

Dear Tinay,

Kumusta ka na? Hindi na tayo nakalalaro sa labas. Na-nonood na lang ako palagi ng tv. Si mama naman kailangang magtinda sa palengke. Pag-uwi niya hindi ko siya pwedeng yakapin, baka raw mahawa ako ng virus. Sana mawala na ang virus para mayakap ko na si mama at makalabas na rin tayo.

Ang kaibigan mo,
Lina

G. Panuto: Basahin at unawain ang kuwento. Sumulat ng dyornal mula sa kuwentong nabasa gamit ang mga gabay na tanong. Isulat ito sa iyong sagutang papel.



Biyaya sa Kabila ng Covid
ni Ruby P. Arangorin

Tuluyan nang nagsara ang klase dahil sa pandemyang Covid-19. Wala akong nagawa kundi manatili sa loob ng aming bahay. Hindi rin ako pwedeng makipaglaro sa ibang bata.

Nakita ko si Nanay at si Tatay na nagtatanim ng gulay. Lumapit ako sa kanila at tumulong.

Ipinaliwanag ng aking magulang na kahit na may pandemya ay huwag mawawalan ng pag-asa. Tulad ng mga gulay na aming itinanim, ang mga ito ay bubunga at aanihin pagdating ng panahon.

Anoman ang nangyayari ngayon, may biyaya pa rin pala sa kabila ng pandemya.

Mga gabay na tanong:

1. Ano ang iyong nararamdaman tungkol sa pandemya?

2. Bilang isang mag-aaral ano ang pwede mong gawin sa panahon ngayon?
3. May mabuti bang naidulot ang pandemya para sa iyo?

H. Panuto: Basahin at unawain ang kuwento. Sumulat ng isang dyornal tungkol sa iyong karanasan sa pag-iipon. Isulat ito sa iyong sagutang papel.



Alkansya
ni Ruby P. Arangorin

Sa mahabang panahon ng pandemya, ang aking buong pamilya ay nakapagtanim at nakapag-ani ng iba't ibang gulay sa bakuran.

Masarap na gulay ang inihain ni Nanay sa mesa at ang ilan naman ay ipinamigay ng aking Tatay sa mga kapitbahay.

Sa sobrang dami ay inilako ni Nanay ang ilan sa talipapa. Sa kaniyang pag-uwi, nakaugalian na niyang maglaan ng barya para sa aking alkansya.

Sa araw-araw na pag- iipon, nakabili si Nanay ng alagang baboy.

"Napakasarap palang mag-ipon," ang sabi ko.

## Isaisip

A. Pagsulat ng liham.

Panuto: Punan ang patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Piliin ang tamang sagot sa kahon. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| mensahe | saloobin | liham | paraan | baybay |

Ang liham ay isang isinulat na ________ na naglalaman ng kaalaman, balita, o ___________ na ipinadadala ng isang tao para sa kanyang kapwa.

Sa pagsusulat ng isang ________, kailangang sundin mo ang mga _________ ng pagsulat upang mas lubos mong maipaalam sa mambabasa ang nais mong tukuyin sa ating liham.

Tandaan na ang ______, bantas, gamit ng wika at diwa ng pangungusap ay mahalaga sa pagbuo ng liham.

B. Pagsulat ng dyornal.

Panuto: Punan ang patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Piliin ang tamang sagot sa kahon. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| karanasan | pamantayan | araw-araw |
| letra | baybay | |

Ang dyornal ay isang pang _________ na tala ng mga personal na ___________, saloobin, obserbasyon at pananaw.

Sa pagsusulat ng isang dyornal, kailangang sundin ang ___________ sa pagsulat tulad ng indensiyon, ________ at pagamit ng malalaking ______ sa panggalan at sa simula ng pangungusap.



## *Isagawa*

A. Panuto: Sumulat ng isang liham para sa iyong pinsan na nagpadala sa iyo ng laruan dahil nakatanggap ka ng karangalan. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

B. Panuto: Basahin ang maikling kuwento. Mula sa kuwento, sumulat ng dyornal na binubuo ng 2-3 pangungusap gamit ang gabay na tanong. Isulat ito sa iyong sagutang papel.



Ingatan ang Kalusugan,
Siguruhin ang Kalinisan
ni Ruby P. Arangorin

"Happy birthday to you, happy birthday to you",

ang paulit-ulit na kinakanta ni Kuya habang naghuhugas siya ng kaniyang kamay gamit ang sabon at malinis na tubig. Nagtataka ako dahil wala namang may birthday pero kumakanta siya nito.

"Kuya Jerome, bakit mo inaawit ang happy birthday?" ang tanong ni Bryan.

"Ngayong panahon ng pandemyang Covid- 19 kailangan nating manatiling malinis at maingat upang hindi tayo makapitan ng karamdaman," ang wika niya.

"Sige Kuya, simula ngayon ay uugaliin ko ng maghugas ng kamay at maging malinis," ang tugon ni Bryan.

Kaya naman sabay naming inawit ni Kuya ang "Happy Birthday" ng dalawang beses habang sabay rin kaming naghuhugas ng kamay.

Mga gabay na tanong:

1. Ano ang iyong saloobin sa panahon ng Covid-19?

2. Bilang mag-aaral ano ang mga pwede mong gawin upang maka - iwas sa pandemyang Covid-19?

## *Tayahin*

A. Panuto: Sumulat ng isang liham upang ipabatid kay Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang iyong kahilingan. Sundin ang wastong paraan at pamantayan sa pagsulat. Isulat ito sa iyong sagutang papel.



B. Panuto: Sumulat ng dyornal tungkol sa iyong naging karanasan sa pamamasyal kasama ng iyong guro at kaklase sa Math Garden. Sundin ang pamantayan sa pagsulat ng dyornal. Isulat ito sa iyong sagutang papel.




1. Saan namasyal ang mga-aaral?
2. Kailan ito nangyari?
3. Sino-sino ang mga kasama mong namasyal?
4. Ano ang iyong nakita sa inyong Math Garden?
5. Ano ang iyong naramdaman sa inyong pamamasyal?

# *Karagdagang Gawain*

A. Panuto: Gumawa ng liham para sa iyong guro upang ipabatid ang iyong pagliban.

B. Panuto: Gamit ang mga larawang nasa ibaba, sumulat ng iyong dyornal ukol dito. Tiyaking nakasunod ito pamantayan ng pagsulat. Isulat ito sa iyong sagutang papel.











# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

2
1
4
5
3

**Balikan:**

1. Ashley, Lola, magulang
2. Sa bahay
3. Nakatanggap siya ng regalo.
- Nagpasalamat si Ashley sa kaniyang mga

**Tuklasin:**

1. Mara
2. Ana
3. Barangay Bagong Silang, Imus Cavite
4. Abril 3, 2020
5. Araw ng Pagtatapos

**Suriin:**

1. Pasasalamat
2. Tuldok at Kuwit
3. Ito ay nakasulat sa malaking titik
4. Opo
5. Opo

**Pagyamanin:**

A. 42 Cristina St., South Poblacion,
Masinloc, Zambales
Abril 25, 2020

Nanay at Tatay

Lito

B. Maraming Salamat

C. (Maaaaring iba-iba ang sagot.

Pangalan – Princess
Ano – Anibersaryo ng Kasal nina Tatay at Nanay
Kailan – Agosto 18
Saan – Barangay Collat, Masinloc, Zambales

D. Maaaring iba-iba ang sagot.

**Tayahin:**

Maaaring iba-iba ang sagot.

**Karagdagang Gawain:**

Maaaring iba-iba angsagot.

**Isagawa:**

A. Maaaring iba-iba ang sagot.

Collat, Masinloc, Zambales
Marso 12, 2020

Mahal kong John,

Natanggap ko na ang iyong ipinadalang laruan. Maraming salamat sap ag-alala sa akin.

Ang iyong pinsan,
Patrick

**Isaisip:**

| | |
|---|---|
| 1. Mensahe | 1. Araw-araw |
| 2. Saloobin | 2. karanasan |
| 3. Liham | 3. pamantayan |
| 4. Paraan | 4. baybay |

**Pagyamanin:**

E.

Marso 12, 2020

Noong isang linggo ay kinausap kami ng aming guro na si Gng. Lizel tungkol sa pandemyang tinatawag na Covid-19. Kaniyang ipinaliwanag na mapapaaga an gaming bakasyon upang makaiwas sa nakakahawang sakit.

**Pagyamanin:**

Mhal Kong Ginang Santos,

Maraming salamt po sa ipinahiram mong aklat sa akin. Nasagutan kop o ng maayos ang takdang aralin sa Matematika.

Mag-iingat po kayo.

Gumagalang,

Thea

( Maaring magkakaiba ang sagot)

Davao City
Marso 13, 2020

**IKAAPAT NA MARKAHAN**

**Objective:** Nakasusulat ng liham at dyornal gamit ang iba't-ibang pamantayan sa pagsusulat.

**RUBRIKS PARA SA PAGSULAT NG LIHAM AT DYORNAL (MTB-MLE)**

| PAMANTYAN | 5 | 3-4 | 0-2 |
|---|---|---|---|
| **Pagkakabuo ng Liham at Dyornal** | Iskor: ☐ | Iskor: ☐ | Iskor: ☐ |
| **Paggamit ng mga malalaking letra sa ngalan ng tao, lugar o bagay** | . Iskor: ☐ | Iskor: ☐ | Iskor: ☐ |
| **Wastong gamit ng bantas.** | Iskor: ☐ | Iskor: ☐ | Iskor: ☐ |
| **Tamang talataan ng liham at dyornal.** | Iskor: ☐ | Iskor: ☐ | Iskor: ☐ |
| **KABUUAN** | ☐ = ☐ | | |

# *Sanggunian*


Aizon, Patrick. "Halimbawa ng Maikling Journal". Barinly.Ph, 2017. https://brainly.ph/question/1020027.

Carlo, Brian. "Ano Ang Kahulugan at Kahalagahan Ng Pagsulat? | Pinoy Newbie". Pinoy Newbie, 2019. https://www.pinoynewbie.com/pagsulat/.

Daigo, Christina. "Ano mga Bahagi ng Liham? Paano Magsulat ng Liham? Halimbawa". Buhayofw.Com, 2019. https://www.buhayofw.com/blogs/blogs-filipino-language/ano-mga-bahagi-ng-liham-paano-magsulat-ng-liham-halimbawa-583011acc778d.

Morphez, Jenylyn. "K to 12 Curriculum Guide ENGLISH". Academia.Edu, 2019. https://www.academia.edu/25170923/K_to_12_Curriculum_Guide_ENGLISH.

Otter Person, Brigadier. "Katangian ng Pagsulat ang Pagsulat ay Isang Esensyal na Kasanayan na Tinataglay | Course Hero". Coursehero.Com, 2019. https://www.coursehero.com/file/p7b9pka/Katangian-ng-Pagsulat-Ang-pagsulat-ay-isang-esensyal-na-kasanayan-na-tinataglay/.

Warter, Carlos. "Paano Pagsusulat ng Journal ay Isang Daan Upang Tuklasin ang mga Sagot sa Iyong mga Tanong". Innerself, 2019. https://tl.innerself.com/content/personal/happiness-and-self-help/self-help/5640-journal-writing.html

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph